COMMONWEALTH ng VIRGINIA

DEPARTMENTO ng MGA SERBISYOng PANLIPUNAN

Tanggapan ng Komisyoner

S. Duke Storen
Komisyoner

Agosto 7, 2026

Minamahal na mga Retailer ng Virginia,

Para sa libu-libong pamilya ng Virginia, tinutulungan ng SNAP na magkaroon ng pagkain sa mesa at sinusuportahan ang mas malusog, mas ligtas na hinaharap. Ang mga retailer ay mahalagang bahagi ng misyong iyon, at pinasasalamatan ko ang inyong patuloy na pakikipagtulungan habang ipinatutupad namin ang isang mahalagang pagbabago sa SNAP ng Virginia.

Simula **Nobyembre 1, 2026**, hindi na magagamit ang mga benepisyo sa SNAP para bumili ng **mga carbonated beverage na may dagdag na asukal o mga artipikasyal na pampatamis** (kabilang ang soda, diet/zero soda, at mga carbonated energy drink). **Ang lahat ng iba pang inumin ay nananatiling kwalipikado sa SNAP.**

Ang pagbabagong ito ay naaangkop sa lahat ng transaksyon ng SNAP sa Virginia, kasama ang mga online na order na iyong pinupunan. Ipinapatupad ng Virginia ang update na ito sa ilalim ng inaprubahang waiver ng Kagawaran ng Agrikultura ng Estados Unidos (USDA). (Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa waiver sa www.fns.usda.gov/snap/waivers/foodrestriction/virginia).

Para maghanda para sa update na ito:

- Tiyakin na ipinagbawal ng iyong **point-of-sale system** ang mga carbonated, sweetened beverage simula sa Nobyembre 1.
- Sanayin ang mga kawani tungkol sa mga pagbabago sa pagiging kwalipikado sa SNAP.

Para suportahan ang mga update sa sistema, magbibigay kami ng listahan ng **Universal Product Code (UPC)** ng mga item na apektado ng pagbabagong ito. Maaari mong asahan na makakatanggap ka ng hiwalay na email mula sa amin sa lalong madaling panahon na kasama ang listahang ito.

Gusto kong tiyakin sa iyo na ang Virginia Department of Social Services (VDSS) ay narito upang suportahan ka at ang iyong negosyo.

Magpapatuloy kaming magbigay ng:

- Malinaw na pamantayan para sa mga pinagbabawal na item
- Mga signage na template at customerfacing resource
- Tulong na teknikal sa pamamagitan ng email
- Opsyonal na mga webinar na may pagkakataon para sa iyo na magtanong


Makikita mo ang mga customerfacing communications resource, malinaw na mga listahan ng mga kwalipikado at hindi kwalipikadong inumin, at madalas itanong at karagdagdagang impormasyon sa **www.dss.virginia.gov/SNAPHealthy**.

May Mga Tanong?
Ang lahat ng mga retailer na awtorisado ng SNAP ay iniimbitahan na sumali sa aming ahensya sa mga webinar na tumatagal ng isang oras para almin ang tungkol sa SNAP Healthy pati na rin sa paglipat sa mga chip/EMV card. Ang mga pinuno ng VDSS ay may presentasyon at pagkatapos ay magtatanong sa mga retailer.
Mangyaring samahan ninyo kami sa alinman sa:

- Huwebes, Agosto 20, 2026, 2 - 3 p.m. – I-click dito para magparehistro
- Huwebes, Setyembre 3, 2026, 2 - 3 p.m. – I-click dito upang magparehistro

Salamat sa inyong pakikipagtulungan sa pagsuporta sa maayos napag-update para sa mga customer at kawani.

Taos-puso,



S Duke Storen. k